# *ROD ANTHONY ROBLES*

Tubong Tigaon sa lalawigan ng Camarines Sur at kasalukuyang nakatira sa Lungsod ng Quezon si Rod Anthony A. Robles. Nagtatrabaho siya bilang isang HR Manager. Siya ay nagtapos ng kursong Development Studies at Industrial Relations sa UP. Napabilang siya sa Palihang Rogelio Sicat 12 (tula) at LIRA noong 2019.

# PAGLIBAN

Aburidong bumubulyaw
ang ginagahasang takore.

Kinalyo sa pagtilî
ang despertador
sa bumbunan ng ulunan.
Kumukunot na noo
ang hiwatig
ng kanyang taginting.
Waring batingáw
na hindî magkandaugaga
sa pagsaboy ng nakaririnding banás
sa masidhing pagtitig
ng apat na matá ng bartolina.

Balisa at tuliro
ang alas-otso y medya ng umaga
na tíla garapatang tinatakasan
ng ulirat nang masiritan
ng nanggagalaiting lahar.

Ang alimuom
ng prinitong tinapa
ay gumagalugad
sa kalaguman ng espasyo.
Maririnig ang pahapyaw na patikom
ng kamaksi sa isipan.

Minantsa ng saboy
ng kahel na bugá ng araw
ang talukap ng pisngi
(pisnging may latak ng natuyong apog)
Isang matinis na pardibleng
kumakadyot sa namamanhid
na katawan at kamalayan.

Pilit ititikom ng mata ang kanyang balintataw
ngunit sadyang maliwanag ang daan
tungo sa paglunoy sa repitisyon ng siklo.
Ang sariling anino ng pagkahapo
ay hindî kailanman malulusaw

ng bawat pagsikat ng araw.

Labulabong alitan
ng gabí at dapit-hapon
ang karilyo sa isipan.
Gagayak ba o sasalampak muli?

Pupungas-pungas na humahangos
at nalagot ang hininga ng pagkalito.
Dubdob na nagyayà ang kuna
na pukawin ulit ang kapwa halinghing.
Nag-alburuto ang telepono
at dagling pinatahan ng katahimikan.

Dumupilas sa labì ang katagang
“Ako’y lilíban may dalaw ang buwan”.

Nahimasmasan sa pagkalangó
ang oras, sandali at segundo.
At hindî nagpatumpik-tumpik
ang láwas sa paghaliparot sa kutson.